BC Centre for Disease Control
An agency of the Provincial Health Services Authority

Provincial Tuberculosis Services

Main Switchboard 604 707 2692
TB Services Fax 604 707 2690

# RIFABUTIN
## RIFABUTIN

Ang Rifabutin (Mycobutin®) ay isang antibiotic na ginagamit sa pag-iwas at paggamot ng tuberculosis (TB) at ibang mga kaugnay na impeksyon.

**Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)**

- Ang Rifabutin ay maaaring inumin kasabay ng pagkain upang bawasan ang pagkasira ng tiyan.
- Inumin ang gamot na ito sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.

**Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)**

- Mahalagang-mahalagang inumin mo nang regular ang gamot na ito.
- Inumin ayon sa iniutos ng iyong doktor

**Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis? (What should I do if I miss a dose?)**

- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Huwag doblehin ang dosis.**

**Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? (Is there anything I should avoid when taking this?)**

- Alak

Bago inumin ang **RIFABUTIN,** siguraduhing sabihin sa iyong doktor, nars o parmasyotiko ang lahat ng mga gamot (kabilang ang mga hindi nangangailangan ng reseta) na iniinom mo. HUWAG simulan ang isang bagong gamot nang hindi kinokonsulta an gisang doktor o parmasyotiko.

**Ano ang ilan sa mga posibleng side effects o masasamang epekto? (What are some possible side effects?)**

- Alibadbad, pagsusuka, diarrhea, masamang tiyan at pananakit, hangin sa tiyan, dumidighay
- singaw sa balat
- pananakit ng ulo
- mga pagbabago sa panlasa



Provincial Health Services Authority
Province-wide solutions.
Better health.

Tagalog

ACCREDITED · AGRÉÉ · CCHSA · CCASS

A research and teaching centre affiliated with UBC

# **RIFABUTIN** (pagpapatuloy)
## **RIFABUTIN** (cont'd)

**Mag-ingat (Caution): Tawagan ang iyong doktor o nars kaagad kung nakakaranas ka ng mga sumusunod na sintomas:**

- di-karaniwang pagkapagod o kahinaan
- lagnat at masakit na lalamunan
- masakit na bibig o dila
- kawalan ng paningin o pananakit ng mata
- alibadbad (parang masusuka)
- sira ang tiyan o diarrhea
- paninilaw ng balat o ng puting bahagi ng mga mata
- pananakit ng kalamnan o kasu-kasuan
- pamamasa ng balat
- singaw sa balat

**Sabihin sa iyong doktor kung nakararanas ka ng anumang mga 'di-karaniwang sintomas na hindi binanggit sa itaas.**

Ang iyong mga luha, laway, pawis, ihi, at dumi ay maaaring maging **kulay brown-orange** dahil sa gamot. Ito'y hindi mapanganib pero maaaring permanenteng makulayan nito ang soft contact lenses.

Ang rifabutin ay maaaring magbawas sa pagkabisa ng birth control pills. Gumamit ng alternatibong uri ng birth control (barrier method., halimbawa, condoms, diaphragms). Patuloy na gamitin ang barrier method nang 28 araw man lamang pagkatapos itigil ang rifabutin. Bawasan ang oral contraceptive hormone-free na mga araw at gawin itong 4 na araw.

Mahalagang gawin mo ang lahat ng mga lab test na iniutos sa iyo ng iyong doktor at na puntahan mo ang lahat ng mga appointment sa iyong doktor o nars.

Sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay **buntis**, nagplaplanong magbuntis, o kung nais mong **pasusuin** ang iyong sanggol.

**Saan ko dapat itago ang gamot na ito?**

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata
- Protektahan ito mula sa liwanag
- Capsules: Itago sa temperatura ng kuwarto (sa pagitan ng 15ºC at 30ºC) sa isang mahigpit na saradong lalagyan sa isang malamig at tuyong lugar

**Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan?**

Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit: ___________________________________
Vancouver TB Services Clinic: 604-707-2692
New Westminster TB Services Clinic: 604-707-2698
BCCDC Vaccine and Pharmacy Services: 604-707-2580



Provincial Health Services Authority
Province-wide solutions. Better health.
A research and teaching centre affiliated with UBC